# Aktibidad sa Pag-aaral ng mga Saligan ng Pananampalataya

Hakbang 1: Pumili ng isa sa mga Saligan ng Pananampalataya na gusto mong pag-aralan ngayon at sagutin ang mga sumusunod na tanong:

- Anong walang-hanggang katotohanan o mga katotohanan ang natutuhan mo mula sa saligan ng pananampalatayang ito?
- Paano maiimpluwensyahan ng mga turo mula sa saligan ng pananampalatayang ito ang iyong ugnayan sa Ama sa Langit at kay Jesucristo?

Hakbang 2: Pumili ng kahit dalawa sa mga sumusunod na opsiyon para matulungan kang malaman ang iba pa tungkol sa pinili mong saligan ng pananampalataya:

a. *Isaulo*. Mag-isip ng ideya na tutulong sa iyo na isaulo ang iyong saligan ng pananampalataya at gumugol ng oras sa pagsasaulo nito.

b. *Maghanap ng kaugnay na resources*. Maghanap ng mga kaugnay na banal na kasulatan o pahayag mula sa mga lider ng Simbahan na may kaugnayan sa pinili mong saligan ng pananampalataya. Maaari mong gamitin ang mga tool tulad ng mga footnote sa iyong mga banal na kasulatan, Topical Guide, Gabay sa mga Banal na Kasulatan, o ang search function sa Gospel Library app para matulungan ka.

c. *Gumawa ng visual representation*. Gumamit ng sining upang tulungan kang ipahayag o ipakita ang mga turo mula sa pinili mong saligan ng pananampalataya. Maaaring kabilang sa mga halimbawa ang isang drowing, collage, word cloud, o meme. (Dahil sa sagradong katangian ng Diyos, iwasang magdrowing ng mga miyembro ng Panguluhang Diyos.)

d. *Gumawa ng sitwasyon*. Mag-isip ng mga sitwasyong kinakaharap mo o ng iba pang tinedyer, o mga tanong tungkol sa ebanghelyo na kung saan maaaring makatulong ang iyong saligan ng pananampalataya. Isulat ang sitwasyon o mga tanong at ipaliwanag kung paano o bakit makatutulong ang mga katotohanang itinuro sa saligan ng pananampalataya.

e. *Magpatotoo*. Isulat ang iyong patotoo sa mga katotohanang itinuro sa iyong saligan ng pananampalataya. Ilarawan kung paano napagpala ng mga turong ito ang iyong buhay at mas naglapit sa iyo sa Diyos.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_491-1